



*California's protection & advocacy system*

## Mga Karapatan sa Mga Pasilidad na Tirahan ng Matatanda

---

*Disyembre 2018, pub# 7138.08 - Tagalog*

Ang publikasyon na ito ay inilaan upang ituro sa iyo ang tungkol sa iyong mga karapatan habang naninirahan sa isang Adult Residential Facility, na kinokontrol ng California Community Care Licensing. Ayon sa mga regulasyon ng California, ang Adult Residential Facility - karaniwang kilala bilang Board-and-Care - ay tinukoy bilang isang pasilidad ng anumang kapasidad na nagbibigay nang 24-oras-bawat-araw na di-medikal na pangangalaga at pangangasiwa sa sumusunod:

1. Mga tao sa pagitan ng mga edad 18 hanggang 59; at
2. Mga taong edad 60 at mas matanda, na may mga maihahambing na pangangailangan at nangangailangan ng parehong antas ng pangangalaga gaya ng ibang kliyente na nasa Board-and-Care, at nang naaayon sa seksyon 85068.4. *Tingnan ang 22 C.C.R. §§ 80001 (a)(5); 85068.4 (b).*

Sa ilalim ng Batas ng California, ang mga Board-and-Care ay kinakailangang pagkalooban ka ng mga particular na serbisyo. Dapat din nilang sundin, pagtibayin, at ipatupad ang mga karapatan ng mga residente.

### **DIGNIDAD AT RESPETO**

Mayroon kang karapatan na tratuhin nang may dignidad at mabigyan ng makataong pangangalaga. *Tingnan ang pangkalahatan 22 C.C.R. § 80072 (a) (1).* Mayroon kang karapatan sa ligtas at komportableng tirahan at kasangkapan upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. *22 C.C.R. § 80072 (a) (2).* May karapatan kang maging malaya mula sa korporal o hindi karaniwang parusa. Walang

sinuman ang may karapatan na abusuhin ka - sa pamamagitan ng paggamit ng masasakit na salita; bastos na pagsasalita o pagsigaw, masasama, agresibo o nakagagalit na paraan; pagbabanta; pananakot; panliligalig sa iyo; panghihiya sa iyo; pagbubukod sa iyo; pagtanim ng takot sa iyo; pananakit sa iyo; pagpaparusa sa iyo sa pamamagitan ng pagkakait ng pagkain, pananamit o gamot; o pagkakait ng emosyonal na suporta sa iyo. 22 C.C.R. § 80072 (a)(3).

## **ACCESS SA MGA TAGAPAGTAGUYOD AT ORGANISASYON NG KOMUNIDAD**

May karapatan kang makipag-ugnayan sa Community Care Licensing ng California at maipaalam ang address at numero ng telepono sa kanilang yunit para sa reklamo. 22 C.C.R. § 80072 (a)(4).

Mayroon kang karapatang makipag-usap sa at makuha ang mga serbisyo ng Patients' Rights Advocate o Long Term Care Ombudsman at mga miyembro ng mga grupong pangkomunidad na nagbibigay ng mga libreng legal na serbisyo. 22 C.C.R. § 85072 (b) (4). Maaaring payuhan ka ng mga taong ito sa iyong mga karapatan, tulungan ka sa mga claim para sa mga benepisyo, at tulungan kang mag-file ng mga reklamo tungkol sa mga paglabag sa iyong mga karapatan. May karapatan kang makipagkita sa kanila nang pribado sa mga makatwirang oras nang walang paunang abiso o pahintulot. *Tingnan ang* W.I.C. § 5530. Ang operator ng Board-and-Care ay dapat mag-post ng mga numero ng telepono ng mga tagapagtaguyod para matawagan mo sila. 9 C.C.R. § 864 (a)(2).

## **KALAYAAN SA RELIHIYON**

May karapatan kang isagawa ang relihiyon na gusto mo, at dumalo sa mga serbisyo o gawaing pangrelihiyon. May karapatan kang magkaroon ng pagbisita mula sa espirituwal na tagapayo na gusto mo. 22 C.C.R. § 80072(a)(5). Mayroon ka ring karapatan na hindi magsagawa ng anumang relihiyon. Walang sinuman ang may karapatang pataw sa iyo ng mga gawain pangrelihiyon o paniniwala. 22 C.C.R. § 80072 (a)(5)(A).

Kasama sa kalayaan ng relihiyon ang karapatan mo na humiling ng plano sa pagkain na nagbubukod o may kasamang ilang pagkain o kumbinasyon ng pagkain ayon sa tradisyon ng iyong relihiyon. Mangyaring sumangguni sa seksyon sa serbisyo sa pagkain sa publikasyon na ito para sa karagdagang impormasyon.

### **KALAYAAN NG PAGPAPAHAYAG NG SARILI AT PAKIKISALAMUHA**

May karapatan kang magsuot ng iyong sariling mga damit. 22 C.C.R. § 85072(b)(5).

May karapatan kang tumanggap ng tulong para isagawa ang karapatan mong bumoto. 22 C.C.R. § 85072(b)(11).

### **PERA AT PERSONAL NA ARI-ARIAN**

May karapatan ka na kontrolin ang iyong sariling mga pinagkukunan ng pera. 22 C.C.R. § 85072(b)(7).

Mayroon kang karapatan sa isang ligtas, indibidwal na lugar ng imbakan para magamit nang pribado. May karapatan kang taglayin at gamitin ang iyong sariling mga personal na bagay, kabilang ang iyong sariling mga gamit sa banyo. 22 C.C.R. §§ 85072 (b)(8); 85072 (b)(6).

### **PAGKAPRIBADO: LIHAM AT MGA TAWAG SA TELEPONO**

May karapatan ka sa pagkapribado sa maraming bahagi ng iyong pang-araw-araw na buhay, kabilang ang:

1. Ang karapatan na magpadala at tumanggap ng nakasarang liham. 22 C.C.R. § 85072(b)(10).
2. Ang magkaroon ng access sa telepono upang gumawa at tumanggap ng mga kumpidensyal na tawag, kung ang mga naturang tawag ay hindi lumalabag sa mga karapatan ng ibang

- kliyente at hindi nito tinatakdaan ang availability ng telepono sa mga emergency. 22 C.C.R. § 85072 (b) (9). Maaaring hilingin ng Board-and-Care na magbayad ka para sa mga tawaag na long distance at may karapatan na pagbawalan ka sa paggawa ng karagdagang mga tawag na long distance na may dokumentasyon na humihiling ng reimbursement para sa mga nakaraang tawag na hindi pa natanggap. 22 C.C.R. § 85072 (b)(9)(A-B).
3. Ang karapatan sa pagkapribado para hindi makita sa mga lugar ng tub, shower, at banyo. 22 C.C.R. § 85088(b)(4).

## **MGA BISITA**

Mayroon kang karapatang dalawin ng mga bisita nang pribado sa oras na gising ka, hangga't ang mga pagdalaw ay hindi lumalabag sa mga karapatan ng ibang kliyente sa Board-and-Care. 22 C.C.R. § 85072(b)(4). Halimbawa, kung may kasama ka sa kuwarto, at hindi nahingi ang pahintulot ng iyong kasama sa kuwarto na makipagkita sa sa iyong dalaw sa kuwarto ninyo, maaaring maitanggi mo ang karapatan sa pagkapribado ng ibang residente.

Ang Board-and-Care ay maaaring bumuo ng patakaran sa pagdalaw sa pasilidad, gaya ng mga oras ng pagdalaw. Ang mga oras ng pagdalaw ay dapat na idisenyo upang hikayatin ang regular na pakikilahok ng pamilya sa pasilidad. Mayroon kang karapatan na malaman ang mga patakaran ng pagdalaw sa pasilidad, at dapat nasa form ito ng impormasyon o kasunduan sa admission ng kliyente. Dapat din na ipaalam sa iyo ang patakaran ng Board-and-Care sa pakikipag-usap sa ibang residente. Kung ang iyong Board-and-Care ay may pito o higit pang tao, dapat itong mag-post ng paunawa ng patakaran sa pagdalaw sa isang lokasyon na naa-access mo at ng iyong pamilya. *Tingnan ang* 22 C.C.R. §§ 80072 (a)(10); 80068 (c)(8); H.S.C. § 1512.

Maliban sa ilang kaso gaya ng emergency, ang mga kawani ay dapat humingi sa iyo ng pahintulot bago pumasok sa iyong kuwarto sa oras ng pagbisita at pati na rin iba pang oras. C.I.V. § 1954.

## **ANG PAGPAPAROO'T PARITO SA PASILIDAD**

Sa pangkalahatan, may karapatan kang magpaparoo't parito sa Board-and-Care kung gusto mo. Hindi ka puwedeng bawalan na pumasok sa tirahan mo bilang parusa, pagganti, o bilang paraan ng paghimok sa iyo na umalis. Ang karapatan na ito ay poprotekta sa iyo mula sa hindi pagpapapasok sa iyong tirahan o pagbabawal na umalis. *Tingnan ang 22 C.C.R. § 80072.*

Samantalang puwedeng magtakda ang pasilidad ng curfew o iba pang panuntunan sa bahay para sa proteksyon ng mga kliyente, mayroon kang karapatan na umalis sa pasilidad sa anumang oras. 22 C.C.R. §§ 80072 (a) (7), 80072 (a) (7) (A). Ang karapatang ito ay maaaring limitado sa kaso ng mga menor de edad o mga indibidwal na kung saan ang isang tagapag-alaga, conservator, o ibang legal na awtoridad ay itinalaga. 22 C.C.R. § 80072 (a)(7)(B).

Mayroon ka ring karapatang huwag ikandado sa loob ng anumang silid, gusali, o sa lugar ng pasilidad sa araw o gabi. 22 C.C.R. § 80072 (a)(7). Pinapayagan ang operator ng Board-and-Care na i-lock ang mga pinto at bintana sa labas at gumawa ng mga panuntunan sa bahay upang maprotektahan ang mga kliyente, tulad ng paghiling sa iyo na sabihin sa mga kawani kung plano mong magpagabi o mag-overnight sa labas, ngunit maaari lamang ito hangga't ikaw ay maaari pang lumabas sa pasilidad. 22 C.C.R. § 80072 (a) (7)(A).

## **PISIKAL NA KALIGTASAN**

May karapatan kang maging ligtas mula sa kapahamakan. *Tingnan ang 22 C.C.R. §§ 80072 (a)(2-3).* Ayon sa batas, anumang pisikal na pang-aabuso na makukuha mo o ng iba pa sa isang pasilidad na tirahan ay dapat maiulat. W.I.C. § 15630. Bilang karagdagan, ang mga tauhan ng pasilidad ay maaaring obligahin na i-ulat ang ibang pangyayari ng pang-aabuso na kanilang nalalaman. W.I.C. § 15630 (b)(1). Mangyaring sumangguni sa seksyon ng Mga Pamamaraan sa Pagreklamo sa publikasyon na ito para sa impormasyon kung paano mag-ulat ng pang-

aabuso. Ang pangalan ng taong nag-uulat ay maaaring manatiling lihim, kung hiniling. W.I.C. § 15633.

Ang pisikal na pang-aabuso ay kinabibilangan ng ngunit hindi limitado sa: direktang pisikal na pananakit, hindi makatwiran na pisikal na pamimilit, matagal o patuloy na pagkakait ng pagkain at tubig, sekswal na pag-atake, at paggamit ng pisikal o kemikal na pagpigil o psychotropic na gamot para sa layunin ng pagpaparusa, sa loob ng panahon na lampas sa iniutos ng isang doktor, o para sa anumang layunin na hindi awtorisado ng isang doktor. W.I.C. § 15610.63.

Mayroon kang karapatang manatiling walang anumang aparato na pampigil. 22 C.C.R. § 80072(a)(8). Maaari kang gumamit ng postural support o mga aparatong pangprotekta na maglilimita sa iyong pagkilos kung makatatanggap ka ng nakasulat na kautusan mula sa iyong doktor na ipinapahiwatig ang iyong pangangailangan para dito, bagaman maaaring humiling ang Community Care Licensing ng karagdagang dokumentasyon bago nila pahintulutan ito. 22 C.C.R. § 80072(a)(8)(B). Hindi dapat isali sa postural support ang pagtali o paglilimita sa paggamit ng iyong mga kamay o paa. 22 C.C.R. § 80072(a)(8)(E). Ang mga postural support at aparatong pangprotekta ay dapat magpabuti sa iyong pagkilos at malayang paggana o protektahan ka sa nakapipinsala sa sariling mga gawain. 22 C.C.R. § 80072(a)(8)(A). Ang mga ito ay hindi dapat magsilbing parang pagpaparusa.

## **PANGANGALAGANG MEDIKAL**

May karapatan kang tanggapin o tanggihan ang mga pangangalagang medikal o serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan. 22 C.C.R. § 80072(a)(9). Mayroon ka ring karapatan sa kinakailangang first aid at iba pang serbisyong medikal at dental, kabilang ang transportasyon papunta sa pinakamalapit na lokasyon ng available na medikal o dental na serbisyo. 22 C.C.R. § 80075(a). Bilang karagdagan, mayroon kang karapatan sa pagkapribado habang binibigyan ng first-aid at mga medikal na eksaminasyon ng isang manggagamot, kung kinakailangan. 22 C.C.R. § 80075(d). Kung ikaw ay conserved, ang iyong karapatang

magpahintulot sa medikal na paggamot ay maaaring maapektuhan. Komunsulta sa iyong conservator.

Mayroon kang karapatan na matulungan, kung kinakailangan, sa pag-inom ng iyong mga inireseta at di-iniresetang mga gamot. 22 C.C.R. § 80075(b). Mayroon kang karapatan sa impormasyon tungkol sa iyong gamot. Mayroon kang karapatan na mamili tungkol sa iyong sariling gamot. 22 C.C.R. § 80075(b)(1)(B)(3). Dapat kang komunsulta sa iyong doktor bago mo baguhin ang anumang gamot na iyong iniinom. Dapat ka ring komunsulta sa isang may kaalaman na health care worker bago gumamit ng mga substansyang pang-libangan, na maaaring magkaroon ng masamang epekto kapag ininom kasabay ng ilang psychotropic na gamot.

## **PAUNANG DIREKTIBA**

Mayroon kang karapatan na magkaroon ng Advance Health Care Directive sa iyong file sa iyong Board-and-Care. 22 C.C.R. § 85075.3(a).

## **KASUNDUAN SA ADMISSION**

Kasama sa iyong kasunduan sa admission ang pahayag ng mga pangunahin at opsyonal na serbisyo ng pasilidad, ang mga bayad, dalas at takdang petsa ng pagbabayad, kung sino ang magbabayad, at mga kundisyon kung saan ka makakukuha ng refund. Dapat nitong ipaliwanag kung paano at kailan maaaring maganap ang mga pagbabago sa kasunduan. Dapat din nitong ipahiwatig na hindi bababa sa 30-araw na nakasulat na abiso ay ibibigay sa iyo o iyong awtorisadong kinatawan kung may anumang pangunahing mga bayad ay mababago/ 22 C.C.R. § 80068(c)(1-5).

Dapat ding iista sa sa iyong kasunduan sa admission ang mga kondisyon kung saan maaaring matapos ang iyong kasunduan, na kasama ang iyong pagtangga na makipagtulungan sa iyong Health Condition Care Plan o Needs at Services Plan. 22 C.C.R. § 80068(c)(7).

Ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan (kung mayroon man), at ang kinatawan ng Board-and-Care ay dapat pumirma at petsahan ang kasunduan sa admission nang hindi lalampas sa pitong araw pagkatapos ng iyong admission. 22 C.C.R. § 80068(e). Mayroon kang karapatan sa isang kopya ng kasunduang ito. 22 C.C.R. § 80068 (g) (1).

Bilang karagdagan, ang mga patakaran sa pangkalahatang pasilidad ng Board-and-Care, tulad ng patakaran sa pagdalaw, mga panuntunan sa bahay, o mga serbisyo sa pagkain ay dapat isama sa iyong kasunduan sa admission. Ito ay upang matiyak na hindi ka lalabag sa mga karapatan ng iba. 22 C.C.R. §§ 80068 (c) (8), 85068 (b) (2-3).

Maaari ring isama sa iyong kasunduan sa admission ang pinagkukunan ng iyong pondo, kung pipiliin mong ibunyag ang impormasyong ito. 22 C.C.R. § 85068 (b) (1) (A). Dapat itong maglaman ng iyong kasalukuyang kasunduan sa Board-and-Care tungkol sa probisyon ng serbisyo sa pagkain. 22 C.C.R. § 85068(b)(3).

## **PLANO NG MGA PANGANGAILANGAN AT SERBISYO**

Mayroon kang karapatan sa isang nakasulat na Plano ng mga Pangangailangan at Serbisyo na tumutukoy sa mga partikular na pangangailangan mo bilang isang indibidwal. 22 C.C.R. § 85068.2(b) (1-2). Bago ka matanggap sa isang Board-and-Care, dapat matukoy ng operator kung ang programa ng pasilidad ay kayang matugunan ang iyong mga pangangailangan. 22 C.C.R. § 85068.2(a). Kung ikaw ay ma-admit bilang isang residente sa Board-and-Care, kung gayon bago sa admission, kukumpletuhin ng operator ang iyong Plano ng mga Pangangailangan at Serbisyo. 22 C.C.R. § 85068.2(b).

Ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan, kasama ng tao sa admission ng Board-and-Care, isang tao mula sa isang ahensya ng pagsangguni o caseworker ng ospital, at sinumang (mga) kamag-anak na kasali sa iyong pagpapalagay ay dapat sumang-ayon na buuin ang planong ito. 22 C.C.R. § 85068.2(d)(1-4).



Kasama sa plano ang: ang petsa ng iyong admission sa Board-and-Care, ang iyong partikular na mga pangangailangan sa serbisyo, ang iyong pangkaisipan at pisikal na kasaysayan ng kalusugan at bagong mga pagtatasa, anumang limitasyon sa pagkilos na mayroon ka, at ang plano ng Board-and-Care na ibigay ang mga pangangailangan na iyon. 22 C.C.R. §§ 85068.2(b)(1)(A-F), 85068.2(b)(2).

Ang Plano ng mga Pangangailangan at Serbisyo ay dapat na mapanatili sa iyong file. 22 C.C.R. § 80068.2(a). Dapat itong mai-update nang madalas kung kailangan, kabilang kapag mayroon kang anumang pagbabago sa pisikal, pangkaisipan, o panlipunan. 22 C.C.R. § 85068.3(a). Dapat itong ma-update nang hindi bababa sa taun-taon. 22 C.C.R. § 80068.3(b)(1). Kung kailangang gawin ang mga pagbabago, dapat muling suriing muli ng operator ng Board-and-Care kung maaari nilang matugunan ang iyong bagong mga pangangailangan. Kung kinakailangan, ang operator ay kukunsulta sa isang dietitian, manggagamot, social worker, o psychologist upang tumulong sa pagtukoy kung ang iyong mga pangangailangan ay maaari pa ring matugunan ng iyong kasalukuyang pasilidad. 22 C.C.R. § 85068.3(b)(1). Kung matutugunan ang mga ito, ang operator at consultant ay i-a-update ang iyong plano sa mga layunin, isang time frame, isang plano upang matugunan ang mga layunin, at isang paraan upang suriin ang iyong pag-unlad. 22 C.C.R. § 85068.3(b)(2)(A-D). Kung hindi matutugunan ang iyong mga pangangailangan, ipapaalam sa iyo ng operator o ng iyong awtorisadong kinatawan na kakailanganin mong magpalipat. 22 C.C.R. § 85068.3(b)(3).

May karapatan ka na maabisuhan ng anumang pagbabago sa iyong Plano sa mga Pangangailangan at Serbisyo. 22 C.C.R. § 85072(b)(2).

## **MGA SERBISYO**

May karapatan ka sa pangangalaga at pangangasiwa nang 24 na oras sa isang araw. May karapatan kang makatanggap ng tulong sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng nakasaad sa iyong Plano sa mga

Pangangailangan at Serbisyo, kabilang ang pananamit, pagkain, at paliligo. 22 C.C.R. § 85077(a).

Ang iyong Board-and-Care ay dapat ding bigyan ka ng mga pangunahing serbisyo pook labahan tulad ng paglalaba at pagpapatuyo ng iyong sariling mga damit. 22 C.C.R. § 85077(b). Kung gusto mong labhan ang iyong sariling mga damit, dapat kang payagan na gamitin ang kahit isang washing machine at plantsa, hangga't ang kagamitan ay ligtas na magagamit. 22 C.C.R. § 85088(d)(1).

May karapatan kang magplano at makilahok sa mga aktibidad sa iyong Board-and-Care. Dapat magplano ang operator ng Board-and-Care ng mga aktibidad na kasama ang pakikipagtulungan ng grupo at pisikal na aktibidad. 22 C.C.R. § 85079 (a) (1-2). Dapat kang magkaroon ng pagkakataon na lumahok sa pagpapalano, paghahanda, at paglilinis ng aktibidad. 22 C.C.R. § 85079 (b). Mayroon kang karapatan na mabigyan ng pagkakataon na dumalo at lumahok din sa mga aktibidad ng komunidad. Kabilang dito ang mga serbisyo sa pagsamba, mga serbisyo sa komunidad, at mga kaganapan gaya ng mga konsiyerto o mga tour, mga organisasyong tinutulugan ang sarili, grupo ng mga senior citizen, mga sports league at mga service club. 22 C.C.R. § 85079 (c) (1-5). Sa mga pasilidad na may pito o higit pang tao, ang mga abiso ng nakaplanong aktibidad ay dapat ilagay sa mga karaniwang lugar na naa-access ng mga residente. 22 C.C.R. § 85079(d).

Mayroon ka ring karapatang maging miyembro ng isang konseho ng residente. Kung walang umiiral na konseho ng residente at hinihiling ng karamihan sa residente na bumuo ng isa, ang Board-and-Care ay dapat tumulong para itatag ito. 22 C.C.R. § 85080(a). Halimbawa, dapat silang magbigay ng lugar at mag-post ng mga abiso ng mga paparating na pagpupulong. 22 C.C.R. § 85080(a)(1). Dapat maisagawa ang kahit isang bahagi ng pagpupulong nang walang sinumang mga kawani ng Board-and-Care. 22 C.C.R. § 85080 (a) (3). Walang sinuman ang makapipilit sa iyo na dumalo sa mga pulong ng konseho. 22 C.C.R. § 85080(a)(4).

## **MGA GAWAING PAMBAHAY**

Mayroon kang karapatang tumanggap gumawa ng mga gawaingambahay o serbisyo sa Board-and-Care, maliban sa mga boluntaryong kinontrata mo bilang bahagi ng iyong Plano sa mga Pangangailangan at Serbisyo. *Tingnan ang pangkalahatan 22 CCR § 85077*. Hindi ka maaaring gamitin bilang pamalit para sa kailangang kawani. 22 C.C.R. §§ 80065 (j), 80065(j)(1).

## **SERBISYO NG PAGKAIN**

Kung ibinibigay ng Board-and-Care ang pagkain, dapat gumawa ng kaayusan para matiyak na makatatanggap ka ng pagkain nang hindi bababa sa 3 beses sa isang araw. 22 C.C.R. § 80076(a)(2). Hindi dapat lumampas nang 15 oras sa pagitan ng ikatlong pagkain sa isang araw at unang pagkain ng susunod na araw. 22 C.C.R. § 80076(a)(2)(A).

Bawat pagkain ay dapat na matugunan ang kahit 1/3 ng paghahain na inirerekomenda sa USDA Basic Food Group Plan - Daily Food Guide. 22 C.C.R. § 80076(a)(1). Dapat maibigay sa iyo ng Board-and-Care ang binagong mga diyeta na inireseta ng iyong manggagamot. 22 C.C.R. § 80076(a)(6). Ang mga meryenda sa pagitan ng pagkain ay dapat mayroon maliban kung may mga paghihigpit ka sa diyeta na inireseta ng iyong doktor. 22 C.C.R. § 80076(a)(4). Pinapayagan ang Board-and-Care na singilin ka para sa mga espesyal na serbisyo ng pagkain o mga produkto lamang kapag sumasang-ayon ka sa mga serbisyo at sa dagdag na bayad sa iyong kasunduan sa admission. 22 C.C.R. § 85060(a)(3). Lahat ng pagkain ay dapat angkop ang kalidad at dami na kailangan upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. 22 C.C.R. § 80076(a)(1).

Ang iyong Board-and-Care ay dapat magkaroon ng nakasulat menu nang hindi bababa sa isang linggo na maaga, na maaaring gawing available para marepaso mo (o ng iyong awtorisadong kinatawan) kung hihilingin mo sila. 22 C.C.R. § 80076(a)(5).

Ang mga pagkain na hinahain sa Board-and-Care ay ihahain sa isang silid-kainan o katulad na lugar na may angkop na kasangkapan na kinakailangan para sa mga serbisyo ng pagkain. Ang silid na ito ay dapat na malapit sa kusina upang matiyak ang mabilis at madaling pagkain. 22 C.C.R. §§ 85076(c)(1), 85076(c)(1)(A). Dapat kang hikayatin ng iyong Board-and-Care upang kumain kasama ng ibang residente. 22 C.C.R. § 85076(e).

## **NATITIRHANG MGA KALAGAYAN NG PAMUMUHAY**

Ang Board-and-Care ay may mga espisipikong kinakailangan sa kondisyon ng paninirahan upang matiyak ang kaligtasan at kapakanan mo. Ang Board-and-Care ay dapat panatilihin malinis, ligtas, sanitized, at nasa mahusay na kalagayan sa lahat ng oras. 22 C.C.R. § 80087(a). Ang pasilidad ay dapat mag-ingat upang matiyak na ikaw ay protektado mula sa mga panganib, gaya ng pagpapanatiling walang sagabal sa mga rampa, hagdan, pasilyo, beranda, at iba pa. 22 C.C.R. § 80087(b-c).

Dapat panatilihin ng Board-and-Care ang temperatura sa bahay mula 68 hanggang 85 degrees Fahrenheit (F). 22 C.C.R. § 80088(a)(1). Sa mga lugar na matindi ang init, dapat panatilihin ang temperatura ng pasilidad nang 30 degrees na mas mababa kaysa sa temperatura sa labas. 22 C.C.R. § 80088(a)(1)(A). Halimbawa, kung ito ay 101 degrees F sa labas, ang loob ng pasilidad ay dapat na 71degrees F. Dapat din na may mainit na tubig na magagamit ang mga residente, at dapat malinis at ligtas ang lahat ng banyo para sa paggamit ng mga residente. 22 C.C.R. § 80088(e)(1-3).

Hindi dapat magkaroon nang higit sa 2 residente ang bawat silid-tulugan ng bawat silid. 22 C.C.R. § 85087(a)(1). Kung gagawing available ang isang double room, pero mas gusto mo ng pribadong kwarto, kung gayon maaaring singilin ka ng Board-and-Care ng bayad para sa pribadong silid. Ito ay idodokumento sa iyong kasunduan sa admission. 22 C.C.R. § 85060(a)(2). Ang iyong silid ay dapat na may indibidwal na kama, pati na rin upuan, nightstand, at lamp. Kung may kasama ka sa

kuwarto, maaaring gamitin ninyong dalawa ang isang nightstand. Dapat na magkaroon kayo pareho ng espasyo sa closet at drawer upang paglagyan ng iyong mga damit at personal na gamit. Dapat ding bigyan ka ng malinis na mga linen, pati na rin tuwalya, bimpo, toilet paper, toothpaste, sipilyo, suklay, at mga produkto sa kalinisan na pambabae. 22 C.C.R. § 85088(c)(1-5). Ang laki ng silid ay dapat sapat para sa mga kagamitan na pantulong sa kliyente gaya ng mga wheelchair. 22 C.C.R. § 85087(a)(2). Ang silid na karaniwang ginagamit para sa iba pang layunin (halimbawa, ang sala) ay hindi gagamitin bilang isang silid-tulugan. Ang mga pasilyo, hagdan, attics, basement, at mga garahe ay hindi gagamitin bilang mga silid-tulugan. 22 C.C.R. § 85087 (a) (2-3).

Kung ang iyong pasilidad ay may sariling labahan sa isang ligtas na lokasyon, dapat mayroong espasyo para sa iyong paglalaba, pagplantsa, o pagsulsi ng iyong mga damit. 22 C.C.R. § 85087(c)(1). Ang lahat ng nadumihang linen at damit ay dapat ibukod sa malinis na mga linen at damit. 22 C.C.R. § 85087(c)(2).

Dapat na may available na isang palikuran at lababo para sa bawat anim na residente. Isang shower o paliguan ay dapat na available sa bawat sampung residente. Ang mga banyo ay dapat nasa malapit sa mga silid-tulugan ng residente. 22 C.C.R. § 85088(b)(1-4).

Dapat mayroong magagamit na espasyo sa loob at labas ng bahay para makihalo ka sa mga aktibidad. Dapat ay mayroong karaniwang lugar sa loob ng bahay gaya ng sala, silid-aralan, o silid ng aktibidad, na may sapat na espasyo para sa mga aktibidad. Kahit isang silid sa loob ng bahay ang magagamit mo makapagpahinga at tumanggap ng pagbisita ng mga kaibigan o kamag-anak. 22 C.C.R. §§ 85087.2(a), 85087(a)(1). Ang anumang aktibidad sa labas ng bahay ay dapat may lilim at kumportable para magamit mo. 22 C.C.R. § 85087.3(a-b).

## **PAG-ALIS**

May karapatan kang umalis sa Board-and-Care, hangga't naaayon ito sa mga termino ng iyong kasunduan sa admission. 22 C.C.R. §

85072(b)(12). Halimbawa, maaaring hilingin ng iyong kasunduan sa admission na ipahayag mo ang iyong pagnanais na umalis nang nakasulat 30 araw bago sa plano mong umalis. Pero ito ay dedepende sa iyong Board-and-Care.

## **PAGPAPALAYAS**

Hindi ka maaaring palayasin mula sa isang pasilidad nang walang dokumentadong ebidensiya. Kung makatanggap ka man ng 60-araw, 30-araw, o 3-araw na abiso, dapat ito ay nakasulat. 22 C.C.R. § 80068.5(a-b). Ang pasilidad ay dapat, sa parehong araw na natanggap mo ang abiso, overnight mail o mag-fax ng kopya ng abiso sa iyong awtorisadong kinatawan, kung mayroon man. 22 C.C.R. § 80068.5(d). Ang Community Care Licensing ay magsasagawa ng imbestigasyon sa mga dahilan sa likod ng iyong pagpapalayas kung ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay hihilingin nito. 22 C.C.R. § 80068.5(f).

### **I. 30-ARAW O 60-ARAW NA ABISO NG PAGPAPALAYAS**

Ang 30-araw na nakasulat na abiso ay pinahihintulutan kung nanirahan ka sa Board-and-Care nang wala pang isang taon. Kung nanirahan ka na sa Board-and-Care nang higit sa isang taon, kahit na buwanan ang upa, ang haba ng abiso ay 60 araw. Ang parehong 30-araw na abiso ng pagpapalayas at 60-araw na abiso ng pagpapalayas ay kailangang nakasulat. 22 C.C.R. § 80068.5(a). Dapat kasama sa abiso ang (mga) dahilan ng pagpapalayas, pati na rin ang mga pangyayari, petsa, lugar at mga testigo sa mga na humantong sa abiso ng pagpapalayas. 22 C.C.R. § 80068.5(c). Ang pasilidad ay dapat ding magsumite ng nakasulat na kopya ng 30 araw na nakasulat na abiso sa Community Care Licensing sa loob nang limang araw mula sa pagkakatanggap mo ng abiso. 22 C.C.R. § 80068.5(e). Kabilang sa mga dahilan para ang pasilidad ay makapagbigay nang 30-araw o 60-araw na abiso ay:

1. Hindi nakapagbayad ng renta sa loob nang 10 araw ng nakatakdang petsa. 22 C.C.R. § 80068.5(a)(1).

2. Hindi pagsunod sa batas pagkatapos matanggap ang nakasulat na abiso ng isang paglabag. 22 C.C.R. § 80068.5(a)(2).  
Kasama sa mga halimbawa ng mga paglabag ang: pag-abuso sa alkohol o droga, sekswal na panliligalig o mapang-abusong pag-uugali, berbal o pisikal na karahasan, pagbabantang kaharasan sa sarili o sa iba, paggamit o pagkuha ng mga ari-arian ng iba tao nang walang pahintulot, at paninira ng personal na ari-arian.
3. Hindi pagsunod sa mga patakaran na sinang-ayunan mo nang lumipat ka sa pasilidad. 22 C.C.R. § 80068.5(a)(3).
4. Mga pagbabago sa iyong Plano sa mga Pangangailangan at Serbisyo . Kung ang mga pagbabago sa iyong plano ay imposibleng matugunan ng pasilidad (at sumasang-ayon ka sa mga pagbabagong ito), ang pasilidad ay dapat kang bigyan ng pagkakataong makahanap ng ibang bahay. 22 C.C.R. § 80068.5(a)(4).
5. Hindi pagsunod sa iyong Restricted Health Condition Care Plan, kung mayroon man. 22 C.C.R. § 80068.5(a)(5).
6. Pagbago o pagbawi ng lisensya ng pasilidad. Kung ang pasilidad ay magsasara o babaguhin ang mga taong pinaglilingkuran nito (halimbawa, mula sa mga may sapat na gulang hanggang sa mga matatanda), kung gayon ang pasilidad ay puwedeng maghain sa iyo ng 30-araw na abiso ng pagpapalayas. 22 C.C.R. § 80068.5(a)(6).

## **II. 3-ARAW NA ABISO NG PAGPAPALAYAS**

Tanging magandang dahilan lamang at may maagang pag-aproba ng Community Care Licensing na maaaring palayasin ka sa pasilidad sa tatlong araw na abiso. 22 C.C.R. § 80068.5(b). Dapat ibigay sa iyo ng pasilidad ang abiso na ito nang nakasulat, at dapat nakalagay dito ang (mga) dahilan ng pagpapalayas, at ang mga pangyayari, petsa, lugar at mga testigo sa mga pangyayari na naghantong sa abiso ng

pagpapalayas. 22 C.C.R. § 80068.5(c). Iral ang magandang hangarin kung ang isang pag-uugali ay masasapanganib ang iyong pangkaisipan at/o pisikal na kalusugan at kaligtasan, o ang pangkaisipan at/o pisikal na kalusugan at kaligtasan ng ibi na nasa pasilidad. 22 C.C.R. § 80068.5(b)(1).

### **III. LUMALAPAT ANG BATAS NG NAGPAPAUPA/UMUUPA**

Ang mga pangunahing prinsipyo ng batas ng nagpapaupa/umuupa ay lumalapat sa mga pasilidad ng Community Care Licensing sa California. Ang mga batas ng estado na namamahala sa pag-upa ng ari-arian ay lalapat sa "lahat ng tao na umuupa ng mga yunit na tirahan na matatagpuan sa loob ng estadong ito kasama ang mga umuupa, nagpapaupa, mga boarder, lodger, at iba pa, gaano man napapangibabawan." C.I.V § 1940 (a). Samakatuwid, ang tanging paraan para legal kang mapalayas ng iyong pasilidad ay sa pamamagitan ng detainer action. Hindi puwedeng gamitin ng nagpapaupa ang mga remedyo ng sariling tulong, gaya ng kandaduhan ka sa labas o pag-alis ng iyong mga gamit. C.I.V. § 789.3

### **IV. KUNG PAKIRAMDAM MO'Y MALING NAHAINAN KA NG BOARD-AND-CARE NG ABISO NG PAGPAPALAYAS**

Mayroon kang karapatang ipagtanggol ang iyong pagpapalayas kung sa palagay mong may mali hinggil sa pamamaraan sa iyong pagpapalayas, walang naging "magandang dahilan" para sa iyong pagpapalayas, o ang iyong pagpapalayas ay bilang ganti sa isang bagay na ginawa mo. *Tingnan ang pangkalahatan ng C.C.P. § 1170.* Walang sinuman ang puwedeng magpa-alis sa iyo mula sa pasilidad, o magpalit ng mga lock o alisin ang iyong personal na mga gamit, habang kinukompleto mo ang mga legal na paglilitis. C.I.V. § 789.3. Kung matalo ka sa pagdinig na ito, kung gayon ang hukuman ay maaaring legal na utusan ka na umalis sa pasilidad. C.C.P. § 1174

Para sa higit pang impormasyon sa pagproteka sa iyong sarili laban sa mga labag sa batas na pagpapalayas, tingnan ang fact sheet na [Ang](#)



[Iyong Mga Karapatan! Pagprotekta sa Iyong Sarili Laban sa Hindi Ligtas na mga Kundisyon ng Pamumuhay at mga Pagpapalayas](#) (Publikasyon #5501.01).

## **MGA PAMAMARAAN NG REKLAMO**

### **I. COMMUNITY CARE LICENSING (PAGLILISENSYA SA PANGANGALAGA SA KOMUNIDAD)**

Pwede kang direktang tumawag o mag-email sa Community care Licensing kung pakiramdam mo ay nalabag ang iyong mga karapatan sa Board-and-Care. Dapat mong ibigay ang pangalan ng Board-and-Care, ang address at ang zip code. Dapat kang magbigay nang kasing buong paglalarawan ng mga karapatan hangga't maaari sa kung anong mga karapatan ang nalabag, kung kailan, paano, kung sino at kung sinoman ang nakasaksi ng (mga) paglabag. Ang Community Care Licensing ay dapat magsagawa ng on-site na inspeksyon sa loob nang 10 araw pagkatapos matanggap ang reklamo. Maaari kang tumawag sa California Care Licensing Complaint Hotline sa 1-844-LET-US-NO (1-844-538-8766) o sa pamamagitan ng pag-email sa [letusno@dss.ca.gov](mailto:letusno@dss.ca.gov)

### **II. LOKAL NA OMBUDSMAN AT PATIENTS' RIGHT ADVOCATE**

Maaari mo ring tawagan ang iyong lokal na Patients' Rights Advocate o ang iyong Long Term Care Ombudsman kung kailangan mong mag-file ng reklamo sa paglabag ng mga karapatan.

Makahahanap ka ng listahan ng Mga Programa ng Lokal na Ombudsman ng county sa [California Department of Aging website](#). Maaari mo ring tawagan ang Long-Term Care Ombudsman CRISISline sa 1-800-231-4024, na available sa 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo para tumanggap ng mga reklamo mula sa mga residente sa mga pangmatagalang pangangalaga na pasilidad.

Gumawa ang Disability Rights California ng [Direktoryo ng Patients' Rights Advocate](#), na pwede mong ma-access sa online. Makikita mo rin ang mga impormasyon ng kontak para sa iyong lokal na PRA sa

pamamagitan ng pagkontak sa Department of Mental Health ng iyong county.

### **III. MGA SERBISYO SA PAGPROTEKTA SA MAY SAPAT NA GULANG**

Ang bawat county sa California ay may ahensya ng Adult Protective Services, na nag-iimbestiga ng mga ulat ng pang-aabuso ng matatanda (65+) at mga may sapat na gulang na umaasa (mga taong may kapansanan sa pagitan ng mga edad na 18-64) na nakatira sa mga pribadong tahanan, apartment, hotel, o mga ospital. Makikita mo ang impormasyon ng kontak sa iyong lokal na ahensya ng [Mga Serbisyo sa Pagprotekta sa May Sapat na Gulang sa website ng Department of Social Services](#).

### **IV. DISKRIMINASYON SA PABAHAY**

May karapatan kang maging malaya mula sa diskriminasyon ng mga kawani o ng iba pa. Walang sinuman ang pwedeng isaalang-alang ang lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na preperensya, kapansanan o edad bilang mga dahilan para pigilan kang tumanggap ng pagpapalagay o mga serbisyo, o paggamit ng iyong mga karapatan G.O.V. § 12955. Kung sa palagay mo ay nagging biktima ka ng diskriminasyon sa pabahay, maaari kang:

1. Makipagtulungan sa nagpapaupa, nagtitinda, o realtor
2. Mag-file ng reklamo sa California Department of Fair Employment and Housing (DFEH)
3. Mag-file ng reklamo sa U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD)
4. Mag-file ng demanda

Para sa higit pang impormasyon sa paghamon sa diskriminasyon sa pabahay, tingnan ang fact sheet ng Disability Rights California [Fact Sheet: Diskriminasyon sa Pabahay na Nakabatay sa Kapansanan](#) (Publikasyon #F108.01)

[Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming publikasyon at sabihin sa amin kung ayos ang ginagawa namin!](https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1)  
<https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1>

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [form para sa kahilingang tulong](#). Para sa lahat ng iba pang layunin tumawag sa 916-504-58000 (HilagangCA); 213-213-8000 (Katimugang CA).

*Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng taga-pondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>*